

## Urethritis

Ginagamit ang urethritis para ilarawan ang pamamaga ng urethra.

### MGA MABILISANG KAALAMAN

- Chlamydia, gonorrhea at mycoplasma genitalium ang pinakakaraniwang mga sanhi ng urethritis
- Madalas na walang sintomas ang urethritis
- Natutukoy ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa ihi o isang swab
- Karaniwang ginagamot ang Urethritis sa pamamagitan ng pag-inom ng dalawang antibiotic

### Ano ito? (What is this?)

Ginagamit ang urethritis para ilarawan ang pamamaga ng urethra.

Karaniwang sanhi ng urethritis ang impeksyon sa bacteria. Karaniwan itong magagamot gamit ang mga antibiotic.

### Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Maipapasa ang urethritis sa pamamagitan ng pakikipagtalik nang hindi gumagamit ng condom. Ang mga pinakakaraniwang sanhi ng urethritis ay:

- chlamydia
- gonorrhea
- mycoplasma genitalium

Natutukoy ang non-specific urethritis (NSU) kapag may sintomas ang isang tao ngunit negatibo ang lahat ng test para sa chlamydia, gonorrhea at mycoplasma genitalium. Maaaring magdulot ng NSU ang iba pang bacteria, yeast at virus

### Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Madalas na walang sintomas ang urethritis. Kung lumabas ang mga sintomas, maaaring kabilang sa mga ito ang:

- pagkirot o paghapdi kapag umiihi
- hindi pangkaraniwang discharge mula sa urethra

### Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Natutukoy ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa ihi o isang swab mula sa urethra.

### Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Karaniwang ginagamot ang Urethritis sa pamamagitan ng pag-inom ng isang kurso ng mga antibiotic na tableta; na may pagtuturok paminsan-minsan. Minsan, kinakailangan ang mas matagal na pag-inom ng gamot.

Dapat bumuti ang mga sintomas sa loob ng ilang araw pagkatapos simulan ang gamutan ngunit maaaring tumagal nang hanggang isang linggo para mawala. Kung hindi nawala ang iyong mga sintomas pagkatapos ng isang linggo na nagsimula ang paggagamot, dapat kang muling pumunta sa iyong doktor.

Hindi ka dapat makipagtalik sa loob ng 7 araw pagkatapos ng paggagamot.

### Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Bihirang-bhirang magkaroon ng mga komplikasyon mula sa urethritis tulad ng stricture (pagnipis) ng urethra.

Pangunahing dahilan para gamutin ang isang impeksyon at para mapagaling ang mga sintomas at mapababa ang panganib na maipasa ang impeksyon sa mga sekswal na kapareha.

### Malamang ba na bumalik ito pagkatapos ng paggagamot? (Is it likely to come back after treatment?)

Lubhang mabisa ang gamutan sa urethritis, kaya karamihan sa pagpapabalik-balik ng urethritis ay dulot ng isa pang impeksyon. Pagkatapos ng paggagamot, kung hindi gumaling ang mga sintomas, kailangan mong pumunta sa iyong doktor.

### Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Ang paggamit ng condom o dam tuwing nakikipagtalik ang pinakamagandang paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa urethritis.

### Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** ([staystifree.org.au](http://staystifree.org.au))

### PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.